# Tunay na ipinagbawal niya sa amin na humarap sa Qiblah sa pagdudumi o pag-ihi,o ang magdalisay kami [mula sa pagdumi] gamit ang kanan,o ang magdalisay kami na bababa sa bilang ng tatlong bato,o ang magdalisay kami gamit ang dumi ng hayop o buto

Ayon kay Salmān, malugod si Allāh sa kanya--siya nagsabi: Sinabi sa kanya: Tunay na itinuro sa inyo ng Propeta ninyo-pagpalain siya ni Allah at ppangalagaan-ang lahat ng mga bagay hangang sa [pamamaraan ng] pag-upo sa palikuran, Nagsabi siya: Oo,(( Tunay na ipinagbawal niya sa amin na humarap sa Qiblah sa pagdudumi o pag-ihi,o ang magdalisay kami [mula sa pagdumi] gamit ang kanan,o ang magdalisay kami na bababa sa bilang ng tatlong bato,o ang magdalisay kami gamit ang dumi ng hayop o buto))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang kahulugan ng Hadith: "Ayon kay Salmān, malugod si Allāh sa kanya--siya nagsabi: Sinabi sa kanya: Tunay na itinuro sa inyo ng Propeta ninyo-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang lahat ng mga bagay hangang sa [pamamaraan ng] pag-upo sa palikuran" Ibig sabihin: Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagturo sa mga kasamahan niya ng mabuting kaasalan sa pagdudumi mula sa unang pagpasok sa lugar ng pagdudumihan hanggang sa paglabas niya mula rito,At kabilang doon:[ang pagbabawal] sa pagharap at pagtaalikod sa oras ng pagdudumi at ang pagbabawal sa pagdadalisay [mula sa pagdudumi] gamit ang kanan,at gayundin sa paggamit ng dumi ng hayop at mga buto, "Nagsabi siya: Oo: Tunay na ipinagbawal niya sa amin na humarap sa Qiblah sa pagdudumi o pag-ihi" Ibig sabihin: Oo,ipinagbawal sa amin ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na humarap kami sa Qiblah sa oras ng pagdumi o pag-ihi,habang siya ay nananatili sa pagdudumi,sa pag-ihi o pagdumi,sapagkat hindi siya dapat na humarap sa Qiblah at tumalikod rito,dahil ito ay Qiblah ng mga muslim sa pagdarasal nila at iba pa mula sa mga gawaing pagsamba,at siya ang pinakabanal na lugar,kaya nararapat lamang ang pagpaparangal rito at pagdadakila, Nagsabi si Allah-pagkataas-taas Niya: {Ang sinumang magparangal sa [mga ritwal ng Hajj] na ipinag-utos ni Allah,ito ay higit na mabuti sa kanya sa paningin ng kanyang panginoon, [ Al-Hajj:30], ",o ang magdalisay kami [mula sa pagdumi] gamit ang kanan" At gayunding,kabilang sa ipinagbawal sa kanila ay ang pagdadalisay gamit ang kanan; Dahil ang kanang kamay ay ginagamit lamang sa mga mabubuting bagay,kagalang-galang at magaganda, at ang para sa mga bagay na kasuklam-suklam tulad ng pagtanggal sa anumang bagay na lumabas dalawang butas,nararapat lang na ito ay

gamitan ng kaliwang kamay at hindi sa kanang kamay, At sa ibang hadith: ( At hindi magpupunas [ang sinuman] mula sa palikuran gamit ang kanyang kanang kamay), "o ang magdalisay kami na bababa sa bilang ng tatlong bato" At gayunding: kabilang sa ipinagbawal sa kanila ay ang pagdadalisay ng bababa sa bilang ng tatlong bato,kahit na nakamit ng sapat na paglilinis sa maliit na bilang nito,dahil ang kadalasan,ang liban pa sa tatlong bilang ay hindi nakakamit ang sapat na kalinisan,at nagaganap lamang ang pagbababawal na ito,kapag hindi ito nasundan sa [paglilinis ang] bato ng tubig,subalit kapag naganap na nasundan ito ng tubig,hindi kasalanan na ito ay limitahan na bababa sa bilang ng tatlong bato,dahil ang layunin doon ay ang pagbababawas lamang sa dumi nito,at hindi ang ganap na pagdadalisay. ",o ang magdalisay kami gamit ang dumi ng hayop" At gayunding;kabilang sa ipinabawal niya ay ang pagdadalisay gamit ang dumi ng hayop,dahil ito ay pagkain ng mga Jinn" tulad ng naisalaysay sa hayag sa tumpak ni Imam Muslim,na ang ilang grupo ng Jinn ay dumating sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nagtanong sila sa kanya ng baon ;Nagsabi siya: ( Sa inyo ang bawat buto na binabanggit ang pangalan ni Allah sa kanya na nalalagay sa mga kamay ninyo,ito ay higit na sapat kaysa sa karne,at ang bawat dumi ay pagkain ng mga hayop ninyo) " O buto" Gayunding: kabilang sa ipinagbawal sa kanila ay ang pagdadalisay gamit ang buto" dahil ito ay pagkain ng mga Jinn,ito ay nabanggit sa naunang hadith,sapagkat sinabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-( At huwag kayong magdalisay gamit ang dalawang ito [ang buto at dumi ng hayop],sapagkat ito ay pagkain ng mga kapatid ninyong [Jinn];Kung gayun ang Sunnah ay naisalaysay bilang pagpapahayag na ang layunin doon ay ang hindi pagdumi at pagsira rito sa sinumang ,ito ay pagkain para sa kanila,dahil kapag ito ay ginamit sa may dumi,tunay na masisira nila ang pagkain nila

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10048

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee